# Gabay sa Pangkalahatang Pahintulot na Pang-industriya (IGP): Roadmap sa Pagsunod

Ang mga negosyong nagsasagawa ng mga aktibidad na may kaugnayan sa industriya ay dapat sumunod sa mga hinihiling ng Pederal, Estado, at Lalawigan na nangangalaga sa kalusugan ng ating mga komunidad sa pamamagitan ng pag-iwas sa polusyon sa tubig. Kinokontrol ng **Estado ng California** ang mga aktibidad na ito sa pamamagitan ng **Industrial General Permit (IGP)**, na ipinatutupad ng San Diego Water Board. Ginawa ng Lalawigan ng San Diego ang gabay na ito, na may mga hakbang at mga web link, para suportahan ang mga negosyo sa pagsunod sa IGP ng Estado ng California.

Maaaring mangyari ang polusyon sa tubig sa pamamagitan ng iba't ibang pinagmumulan, kabilang ang hindi makontrol na basura, paggawa ng mga byproduct, pag-ayos ng irigasyon, at paghuhugas ng sasakyan. **Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay ipinagbabawal na makaalis sa iyong site; pinapayagan lang ang tubig ulan sa mga kalsada at mga storm drain.** Ang pagpapatupad ng Pinakamagandang Mga Kasanayan ay makakatulong na mapigilan ang mga nagdudulot ng polusyon sa ating mga daanan ng tubig at tutulungan ang iyong negosyo na sumunod sa parehong IGP ng Estado ng California at iba pang mga lokal na ordinansa.

## HAKBANG 1 ALAMIN KUNG ANG IYONG NEGOSYO AY SUMASAILALIM SA IGP:

- **Hanapin ang iyong SIC code: ang iyong SIC code (Standard Industrial Classification) ay batay sa pangunahing aktibidad ng negosyo mo.**
  - Gamitin ang SIC lookup tool at hanapin ang iyong pangunahing aktibidad sa pamamagitan ng keyword (hal., wine, stone cutting, metal working) sa bar na "Ilagay ang (mga) hinahanap na keyword." Ang mga pangunahing kategorya ng mga uri ng negosyo ay makikita sa SIC Code Catalogue na ito.




- **Ikumpara ang iyong SIC code sa IGP Attachment A para matingnan kung nakalista ang pangunahing aktibidad ng iyong negosyo.**
  - Kinokontrol ng IGP ang malawak na iba't ibang mga aktibidad, kasama ang ilan sa hindi madalas na ituring na "industriyal."
  - Kasama sa mga halimbawa ng mga kontroladong aktibidad ng negosyo (at ang kanilang mga SIC code) ang manufacturing (SICs 2000-3999), machining at metal working (3300-3799), stone cutting (3281), paggawa ng alak (2084), ilang mga feedlot (0211-0272), at mga serbisyo ng transportasyon na may kasamang pagmementena o paghuhugas ng sasakyan (4000-4220, 4226-4599).
- **Kung hindi ka sigurado sa iyong SIC code o kung kailangang sumunod ng iyong negosyo sa mga hinihiling ng IGP, kontakin ang San Diego Water Board sa (619) 516-1990 o sa r9_stormwater@waterboards.ca.gov**
- **Kung malalaman na hindi sumasailalim sa IGP ang iyong negosyo, tumigil dito. Kung sumasailalim ito sa IGP, magpatuloy sa Hakbang 2.**

## HAKBANG 2 ISUMITE ANG IYONG APPLICATION PARA SA IGP:

- **Alamin kung kailangan mong mag-file ng No Exposure Certification (NEC) o Notice of Intent (NOI) application.**
  - **NEC:** Kwalipikado kang magsumite ng NEC kung **WALANG** outdoor exposure ng mga aktibidad na may kaugnayan sa industriya, mga materyal, at mga dumi (iyon ay WALANG exposure sa stormwater nang 100% ng pagkakataon). Mas kaunti at mas mura ang mga kinakailangan taun-taon at mas mababa ang taunang bayad sa NEC kaysa sa NOI.
  - **NOI:** Kung may **ANUMANG** outdoor expsoure ng mga aktibidad na may kaugnayan sa industriya, mga materyal, o mga dumi, kakailanganin mong magsumite ng NOI. Kontakin ang San Diego Water Board para makumpirma ang naaangkop na application para sa iyong negosyo.
- **Bisitahin ang smarts.waterboards.ca.gov (SMARTS) para gumawa ng account at isumite ang iyong application.**

## HAKBANG 3 IPATUPAD ANG MGA KINAKAILANGAN NG IGP:

- **Maging pamilyar sa IGP para maunawaan ang mga kinakailangan nito.**
  - Ang taon ng pag-uulat ng IGP ay nagsisimula ng Hulyo 1 at natatapos ng Hunyo 30.
- **Para makumpleto ang mga kinakailangan para sa NEC:**
  - Suriin ang Toolbox para sa Pangkalahatang Permit at ang pulyeto ng NEC at maghanda ng site map.
  - Taun-taon na magbayad ng mga fee sa Estado, muling suriin ang iyong site, at magpasertipika ulit sa NEC.
- **Para makumpleto ang mga kinakailangan para sa NOI:**
  - Maghanda at magpanatili ng Storm Water Pollution Prevention Plan (SWPPP).
    - Kasama sa mga SWPPPs ang impormasyon tungkol sa mga aktibidad at katangian ng iyong negosyo, kasama ang mga posibleng magdulot ng polusyon at mga aktibidad sa pag-iwas sa polusyon, karaniwang pagsubaybay at pagsasanay para sa stormwater, at mapa ng site.
  - Magsagawa ng buwanang inspeksyon sa site at ng taunang komprehensibong inspeksyon sa site.
  - Kumuha ng mga sample ng storm water runoff sa mga naaangkop na discharge point.
    - Kumuha ng mga materyal at tukuyin ang mga parameter na kinakailangan para kumuha ng sample (gaya ng tinukoy ng mga aktibidad ng iyong negosyo, lokasyon nito, at iba pang mga kinakailangan ng pahintulot) at kontakin ang kwalipikadong laboratoryo.
    - Kinakailangang ang pagkuha ng sample nang apat na beses kada taon ng pag-uulat (Hulyo 1 hanggang Hunyo 30). Kumuha ng dalawang sample sa pagitan ng Hulyo 1 – Disyembre 31 at ng dalawa pa sa pagitan ng Enero 1 – Hunyo 30 sa oras ng opisina at sa ilalim ng mga partikular na kondisyon.
    - Kailangang ilagay at mapatunayan ang mga resulta ng sample sa pamamagitan ng iyong SMARTS account sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang mga ito.
    - Ang mataas na mga lebel ng nagdudulot ng polusyon sa mga sample ay maaaring maging dahilan para kailanganing magpatupad ng mga karagdagang aksyon ang iyong negosyo, tulad ng pagkonsulta sa isang Kwalipikadong Pang-industriyang Stormwater Practitioner at bumuo ng mga storm water treatment system.
  - Taun-taon na magsumite ng mga bayad sa Estado at magsumite ng taunang ulat sa SMARTS bago ang ika-15 ng Hulyo.

**Tandaan na ina-update paminsan-minsan ang IGP, at ang mga kamakailang pagbabago ay maaaring magpabago sa mga kinakailangan sa iyong pasilidad.**

Para sa karagdagang impormasyon at mga resource, pakibisita ang webpage ng Water Resources Control Board ng Estado: **https://www.waterboards.ca.gov/water_issues/programs/stormwater/industrial.html**

Para ma-access ang digital na kopya ng flyer na ito at ang mga hyperlink (may salangguhit na teksto) na kasama nito, bisitahin ang Pang-industriya at Pangkomersyal na resource page ng Lalawigan: **https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/dpw/watersheds/IndustrialCommercial.html**

Oktubre 2020